**Pamagat**: Saan Ba Kami Dapat na Manumbalik?

**Texto**: Malachi 3:7 "Even from the days of your fathers ye are gone away from mine ordinances, and have not kept them. Return unto me, and I will return unto you, saith the LORD of hosts. But ye said, Wherein shall we return?"

*Pagsasalin*: Mula sa mga araw ng inyong mga ninuno, kayo'y lumihis sa aking mga tuntunin, at hindi ninyo tinupad ang mga iyon. Manumbalik kayo sa akin, at ako'y manunumbalik sa inyo, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Ngunit inyong sinasabi, 'Saan ba kami na dapat na manunumbalik?'

**Panimula**:
1. Ang Dios ay tapat, subalit paminsan tayo na Kanyang mga lingkod, o anak, ay hindi tapat.
2. Maaring tanggalin sila ng Dios pero dahil ang Dios ay tapat, hindi Niya magawa ito. (v.6)
3. Sa kalagitnaan ng babala ay tinatawag Niya na manumbalik sila sa Kanya.
4. So ang Dios ay tapat sa Kanila, pero sila ay hindi tapat sa Dios.

I. **Ang Paglihis sa mga Tuntunin ng Panginoon**: (v.7a)
- A. Ang mga tuntunin ng Dios ay dapat gamitin para sa pagsasamba sa Dios.
- B. Dapat ilagay ito sa puso at isip ng mga alagad ng Panginoon.
- C. Hindi ito iningatan, at binawi nila ang kanilang mga ulo sa pamatok ng pagsamba sa Dios.
- D. Tumalikod sila sa mga utos ng Panginoon.
- E. Sa buhay Christiano maraming mga bagay ang mga nagdudulot sa paglihis sa pagsamaba:
  - E.1. Satan – Matt. 13:19; 2 Cor. 4:4; 1 Thess. 2:18.
  - E.2. Kahirapan, Pagsubok, Tukso – James 4:1; Gal. 5:19,20; 1 Cor. 10:13.
  - E.3. Kayamanan, at kalayawan ng mundo – Lk. 8:14; 1 Tim. 5:6; Ecc. 7:2-3.

II. **Ang Mapagmahal na Imbitasyon ng Dios**: "Manumbalik kayo sa Akin" (v.7b)
- A. Manumbalik sa Kanya; sa Kanyang serbisyo.
- B. Manumbalik na parang isang manlalakbay na naligaw ngunit nakita niya ang kanyang pagkakamali, at sinimulan ang pagbabalik loob sa Dios.
- C. Tinutulungan ng Dios ang mga alagad na nanunumbalik – Jer. 3:22; Hosea 6:1. (v.7c "I will return unto you").
- D. Ang panunumbalik sa Dios ay ang pagsunod sa mga utos ng Dios. – Deut. 30:8.

III. **Ang Malupit na Sagot Nila sa Imbitasyon ng Dios**: "Saan ba kami na dapat na manumbalik?" (v.7d)
- A. Ang akala nila ay sila ay iniwan ng Dios, pero ang tutoo, sila ang lumihis sa mga tuntunin ng Dios.
- B. Ganito rin ang isip nila sa chapter 1, akala nila hindi na sila mahal ng Dios, ngunit ang katotohanan ay sila ang hindi nagmahal sa Dios.
- C. Ang Dios ay palaging tapat. (1 Cor. 1:9; 1 Thess. 5:24)
- D. Tayo ay hindi palaging tapat.

**Katapusan**:
1. Sino ang dapat na manumbalik? Dapat manumbalik ang hindi tapat.
2. Kapag ang Dios ay tumawag na manumbalik tayo, ano ang tamang sagot?
3. Ano ang mangyayari sa mga hindi sumasangayon sa tawag ng Dios? (sila ang sumisira sa kanilang sariling espirituwal na kondisyon).